IGNATIAN
INTERNATIONAL JOURNAL FOR MULTIDISCIPLINARY RESEARCH
www.icceph.com
ISSN 2984-9942

# MGA PANGKAPALIGIRANG PANGANGAILANGAN NA HUMIHIGIT SA INDIBIDWAL NA KAKAYAHAN NG MGA GURO: MGA KAHIRAPAN SA IMPLEMENTASYON NG MATATAG CURRICULUM

John Rey G. Abella

*Graduate School, Holy Cross of Davao College Inc., Davao City, Philippines*

## ABSTRACT

Ang implementasyon ng kurikulum ay nagdulot ng pagkabahala. Layunin ng aking pag-aaral na matukoy ang mga pangkapaligirang pangangailangan, indibidwal na kakayahan, at mga humigit na pangkapaligirang pangangailangan na nag-ambag sa kahirapan ng guro sa implemantasyon. Gumamit ako ng deskriptib-kwalitatib na disenyo, pumili ng 12 guro sa pamamagitan ng purposive sampling, na aking kinapanayam. Ang kanilang mga pananaw ay nagpahayag na kahit may bukas na disposisyon, dedikasyon, at malikhaing kakayahan ang mga guro sa Filipino, ang kakulangan sa materyal, imprastraktura, at sistematikong gabay ang humigit sa kanilang indibidwal na kakayahan at nagdulot ng kahirapan sa implementasyon. Inirekomenda ko ang pagpapalakas ng suportang holistiko sa pamamagitan ng sapat na materyales, at malinaw na gabay kasabay ang patuloy na pagsasanay at peer support. Inirekomenda ko ang paggamit ng *multiple linear regression analysis* at *exploratory factor analysis (EFA)* upang masuri ang prediktibong ugnayan ng mga baryabol at makabuo ng mga kwantitatibong instrumentong may angkop na mga indikeytor para sa mga susunod na pag-aaral.

**Keywords**: *pangkapaligirang pangangailangan, indibidwal na kakayahan, kahirapan sa implementasyon ng MATATAG curriculum*

## INTRODUCTION

Ang agarang pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum* ay nagdulot ng pagkabahala sa mga guro. Ang mga pagbabagong ito ay lampas sa usaping teknikal at may kaakibat na emosyonal, mental, at pangkapaligirang hamon para sa mga guro bilang pangunahing tagapagpatupad ng kurikulum.

Batay sa global na konteksto, ipinakita nina Agormedah et al. (2022) na mahalaga ang kumpiyansa sa sarili at karanasan ng mga guro sa matagumpay na pagpapatupad ng bagong kurikulum dahil sa kaugnayan nito sa kanilang kakayahang harapin ang mga hamon sa pagtuturo. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Hernández at Izquierdo (2023) na ang emosyonal na naramdaman at pag-angkop ng mga guro sa mga bagong polisiyang pang-edukasyon ay may mahalagang epekto sa kalidad ng pagtuturo, lalo na sa gitna ng kakulangan sa kaalaman at limitadong mapagkukunan, dahilan upang maging pinagmumulan ng *stress* at pagkabalisa ang implementasyon ng bagong kurikulum.

Sa lokal na konteksto, ipinakita ni Bongco (2020) na ang biglaang pagbabago ng kurikulum, kakulangan sa sapat na pagsasanay, at limitadong kagamitang panturo ay nagdulot ng pagkalito at hirap sa mga guro sa proseso ng implementasyon. Pinagtibay nina Quijada at Bayron (2025) na kahit may determinasyon ang mga guro sa pag-angkop sa bagong kurikulum, nananatili ang mga pangkapaligirang hamon gaya ng siksik na competencies, kakulangan sa oras, mataas na workload, at limitadong suporta na humihigit sa kanilang indibidwal na kakayahan. Dahil dito, ang transisyon sa *MATATAG Curriculum* ay nagiging isang tuloy-tuloy na proseso ng pagharap sa stress at pag-aangkop sa mga hamon.

Isinagawa ko ang pag-aaral na ito upang ilarawan ang mga karanasang nagdulot ng *stress* at ang mga pangkapaligirang pangangailangan na humihigit sa indibidwal na kakayahan ng mga guro sa Filipino sa pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum*. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga aspektong ito, nilalayon ng pananaliksik na magsilbing batayan sa pagbibigay ng angkop na suporta at interbensiyon upang mapalakas ang kakayahan ng mga guro at maging mabisang karanasan ang implementasyon ng kurikulum.

## Research Questions

Layunin ng aking pag-aaral na matukoy ang karanasan ng mga guro sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*; kaugnay nito, inilatag ko ang mga tiyak na layuning inaasahang matugunan sa pananaliksik na ito.

1. Ano ang mga pangkapaligirang pangangailangan na kinakaharap ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*?
2. Ano ang mga indibidwal na kakayahan ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*?
3. Ano ang mga itinuturing na pangkapaligirang pangangailangan na humigit sa indibidwal na kakayahan ng mga guro at nag-ambag sa kanilang mga kahirapan sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*?

## METHODOLOGY

### *Disenyo ng Pananaliksik*

Gumamit ang mananaliksik ng deskriptib-kwalitatibo na disenyo upang mailarawan ang mga karanasan ng mga guro sa Filipino kaugnay ng stress at mga pangkapaligirang hamon sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*, sapagkat layon nitong magbigay ng malinaw at detalyadong paglalarawan batay sa aktuwal na konteksto (Sandelowski, 2000). Binigyang-diin din nina Polit at Beck (2012) na mahalaga ang deskriptib-kwalitatibong disenyo sa tuwirang paglalarawan ng mga karanasan ng mga kalahok. Sa pamamagitan ng disenyong ito, naging mas malinaw ang pag-unawa sa mga hamon at stress na naranasan ng mga guro sa maagang yugto ng implementasyon ng *MATATAG Curriculum*.

### *Pook ng Pananaliksik*

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa mga pampublikong paaralan sa Lungsod ng Davao. Ang mga paaralang ito ay pinili dahil sumasalamin ito sa mga totoong hamon at tagumpay ng sistemang pang-edukasyon sa bansa, mula sa implementasyon ng mga makabagong kurikulum hanggang sa pamamahala ng malalaking bilang ng mga mag-aaral sa bawat silid-aralan.

### *Kalahok at Sampling*

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay labindalawang (12) guro sa Filipino na nagtuturo sa Baitang 7 at 8 sa pampublikong paaralan sa taong panuruan 2025-2026. Sa kabuuan, anim (6) na guro ang lumahok sa *in-depth interview* at anim (6) sa *focus group discussion* upang makuha ang mas malalim at kolektibong pananaw sa kanilang mga kahirapan sa implementasyon ng kurikulum. Ayon kay Creswell (2013), ang bilang ng mga kalahok ay itinuturing na sapat para sa isang penomenolohikal na pag-aaral.

Gumamit ang mananaliksik ng *purposive sampling technique* upang mapili ang mga gurong may tuwirang karanasan sa pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum* at may limang (5) taon o higit pang karanasan sa pagtuturo. Ayon kina Palinkas et al. (2015), ang *purposive sampling* ay epektibo sa kwalitatibong pananaliksik dahil nakatuon ito sa mga impormanteng makapagbibigay ng mayaman at makabuluhang datos.

### *Paraan ng Pangangalap ng Datos*

Isinagawa ang pangangalap ng datos matapos makuha ang pahintulot ng mga kinauukulang awtoridad at pagsang-ayon ng mga kalahok, gamit ang in-depth interview at focus group discussion na may mga open-ended na tanong (Kvale at Brinkmann, 2015). Ayon kina Krueger at Casey (2015), ang *in-depth interview* ay isang interaktibong proseso na layong unawain ang mundo ng kalahok mula sa kanyang sariling perspektibo,, habang ang *focus group discussion* ay mahalaga sa pagkuha ng magkakaibang pananaw at kolektibong karanasan ng mga kalahok

*Paraan ng Pagsusuri ng Datos*

Ginamit sa pagsusuri ng datos ang *thematic analysis* upang matukoy, masuri at maunawaan ang mga paulit-ulit na ideya o tema. Sinunod din ang anim na hakbang ng thematic analysis na iminungkahi nina Braun at Clarke (2006), na kinabibilangan ng paulit-ulit na pagbasa ng transkrip, paunang pagbibigay ng *code*, pagkilala at pagsusuri ng mga tema, at pinal na pagbuo ng interpretasyon.

## RESULTS

Sa bahaging ito, inilalahad ang resulta ng mga panayam at pagsusuri ng datos upang ipaliwanag ang mga temang nabuo hinggil sa *stress* ng mga guro sa Filipino sa pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum*.

### Mga Pangkapaligirang Pangangailangan na Kinakaharap ng mga Guro sa Filipino sa Implementasyon ng *MATATAG Curriculum*

*Hindi Sapat na Materyal at Imprastrakturang Panturo*

Malinaw kong nakita na ang kakulangan sa materyal at imprastrakturang panturo ay nagdulot ng matinding bigat at panghihina ng loob sa mga guro sa unang yugto ng implementasyon ng *MATATAG Curriculum*. Ayon sa kanya …

> *“Hindi naman ganoon kasapat yung suporta ng paaralan dahil hindi lahat ng paaralan ay may sapat na materyales para ibigay sa mga guro.” (IDI-K1-P1)*

Nabanggit din ng isang kalahok mula sa FGD ang tungkol dito. Ayon sa kanya…

> *“Kulang ang learning resources. Ang exemplar ay masyadong ideal pero ang problema, kulang ang mga resources namin.” (FGD-K4-P2)*

Lumabas din sa salaysay ng isa sa aking mga kalahok ang kakulangan sa pisikal na pasilidad at kagamitang teknolohikal at sapat na silid-aralan na mahalaga sa pagtuturo ng mga tekstong biswal. Sabi niya …

> *“Limited lamang yung resources namin… wala kaming telebisyon kaya nahihirapan akong mag-discuss lalo na sa tekstong Biswal. Isa sa pinakamabigat na hamon ay kakulangan talaga ng classroom at wala kaming telebisyon… limited lamang yung resources namin ” (IDI-K5-P2)*

Pinagtibay din ng mga pahayag ng aking mga kalahok mula *sa focus group discussion* na sa unang mga araw ng pagpapatupad ng *MATATAG Curriculum* ay halos walang mga kagamitan sa pagtuturo. Ayon sa kanila …

> *“Kinakailangan kong gumawa ng aking sariling resources dahil sa kakulangan ng materials mas naging malikhain ako.” (IDI-K4-P1)*

> *"Sa unang mga araw ng pagtuturo ng MATATAG Curriculum… kulang talaga sa instructional materials. Wala talagang materials na available that time kaya nangangapa kami." (FGD-K3-P1)*

Habang ibinabahagi ng mga guro ang kanilang karanasan, napansin ko ang pagod at pagkadismaya nila na tila nakaukit sa bawat katahimikan at paghinto ng kanilang pananalita**,** wari ay mga sugat na hindi na kailangang banggitin. Ang mga kakulangang ito ay naging mabigat na aninong sumusunod sa kanilang pagtuturo**.**

*Limitadong Institusyonal na Gabay sa Implementasyon ng Kurikulum*

Napagtanto ko na ang limitadong institusyonal na gabay sa unang yugto ng implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay nagdulot ng kalituhan at pag-aalinlangan sa mga guro. Ayon sa kanya …

> *"Tatlong araw na seminar ay hindi sapat para maunawaan nang buo ang lalim ng MATATAG Curriculum. Mabuti ang suportang ibinigay gaya ng seminar at exemplars, pero minsan kulang pa rin lalo na sa materyales." (IDI-K2-P3)*

Pinagtibay ito ng iba pang kalahok na nagsabing nanatili ang kalituhan sa kabila ng mga isinagawang pagsasanay, lalo na sa bagong proseso ng paggawa ng lesson plan at unpacking ng competencies …

> *"Marami pa ring kalituhan kahit nagkaroon ng seminar dahil maraming bagong proseso sa paggawa ng lesson plan at unpacking." (FGD-K2-P4)*

Dahil sa kawalan ng malinaw at sapat na direksyon mula sa institusyon, napagtanto ko na napilitan ang mga guro na gumawa ng sariling paraan upang makapagpatuloy sa pagtuturo. Isa sa mga kalahok ang nagbanggit na …

> *"Sa simula ng implementasyon, kulang ang gabay kaya kinakailangan kong mag-adjust mag-isa." (IDI-K4-P3)*

Higit pa rito, ipinahayag ng isa pang kalahok 1668alaga1668ma't may suporta mula sa paaralan, hindi ito sapat upang lubos na maging sandigan ng mga guro, kaya't naging mahalaga ang sariling diskarte sa pagtuturo …

> *"May support naman, pero hindi ako umaasa palagi sa paaralan. Kailangan 1668alaga ng sariling diskarte ng guro." (IDI-K3-P3)*

Mababakas ko sa kanilang mga pagmumukha ang pagod, kalituhan, at pag-aalinlangan na tila mabigat na ulap na nakatakip sa kanilang mga tinig habang sila'y nagkukuwento na tila naglalakad sa daan na madilim, nag-iisa at nangangapa sa pagharap sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*.

## Mga Indibidwal na Kakayahan ng mga Guro sa Filipino sa Implementasyon ng *MATATAG Curriculum*

*Pagiging Bukas sa Pagbabago at Personal na Dedikasyon ng Guro*

Batay sa aking pagsusuri, natuklasan ko na sa kabila ng paunang pangamba sa implementasyon ng MATATAG Curriculum, nangibabaw sa mga guro sa Filipino ang pagiging bukas sa pagbabago at matibay na dedikasyon sa kanilang propesyon. Pagpapahayag ng isa sa mga kalahok …

> *"Ang pagiging guro ay nangangahulugan ng paghahanda sa lahat ng pagbabago at hindi puro reklamo kundi pagyakap sa propesyon." (IDI-K1-P5)*

Pinagtibay ito ng isa pang kalahok na nagbigay-diin na ang kakayahang makiangkop ay mahalagang kasanayan ng isang guro, lalo na sa kontekstong patuloy ang pagbabago ng mga patakaran at kurikulum sa edukasyon:

> *"Natutunan ko bilang guro na kailangan makiangkop at makibagay dahil walang permanente, lalo na sa edukasyon." (IDI-K2-P5)*

Dagdag pa rito, iginiit ng isang guro na ang pagiging bukas sa pabago-bagong kurikulum ay hindi opsyon kundi isang kinakailangang bahagi ng propesyon…

> *"Bilang guro, kailangan mong maging bukas sa pabago-bagong kurikulum… hindi maaari na hindi ka mag-adjust." (IDI-K3-P5)*

Bukod sa pagiging bukas sa pagbabago, napagtanto ko na ang personal na dedikasyon, pagiging mapanlikha, at pagtitiyaga ng mga guro ay nagsilbing mahalagang sandigan sa pagharap nila sa mga *stress* ng implementasyon. Pagdiriin niya …

> *"Ang pangunahing sandigan ko ay ang pagiging mapanlikha, pagiging matiyaga at bukas sa pagbabago." (IDI-K4-P6)*

Ipinakita rin ng mga talakayan na bagama't may halo-halong emosyon tulad ng pangamba at pag-asa, nananatili ang determinasyon ng mga guro na mag-adjust at maging malikhaing guro…

> *"May halo-halong emosyon—pangamba at pag-asa—pero sa kabila ng mga hamon, determinado akong mag-adjust at maging malikhain sa pagtuturo." (FGD-K1-P7)*

Sa huli, inilarawan ng isa pang kalahok ang implementasyon ng *MATATAG Curriculum* bilang isang positibong karanasan na nagbukas ng oportunidad para sa propesyonal na pag-unlad…

*"Tinanggap ko ito bilang pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad at mas epektibong pagtuturo." (FGD-K4-P7)*

Napagtanto ko na ang pagiging bukas sa pagbabago at personal na dedikasyon ng mga guro sa Filipino ay nagsilbing ilaw sa gitna ng dilim, isang matatag na sandigan na nagpanatili sa kanila sa pagtuturo kahit na humarap sa kanilang propesyonal na gampanin.

*Malikhain at Interaktibong Estratehiya sa Pagtuturo*

Natuklasan ko na sa kabila ng kakulangan sa materyal at malinaw na gabay, naging mahalagang sandigan ng mga guro sa Filipino ang paggamit ng malikhaing, interaktibo, at learner-centered na estratehiya. Ayon sa kanila …

*"Ginagamit ko ang collaborative at think pair share strategy upang mailabas ang iba't ibang ideya ng mga mag-aaral." (IDI-K1-P7)*
*"Sa pamamagitan ng gamification mas madali para sa mga mag-aaral na matutunan ang aming mga paksa sa Filipino."(IDI-K2-P7)*
*"Ako ay gumagamit ng multimedia at kinesthetic activities upang ma-accommodate ang iba't ibang kakayahan." (IDI-K3-P7)*

Higit pa rito, napagtanto ko na ang paggamit ng contextualized at learner-centered na estratehiya ay nakatulong sa pag-angkop ng pagtuturo sa kakayahan, interes, at karanasan ng mga mag-aaral, Ito ay malinaw na naipahayag ng mga sumusunod na kalahok …

*"Ang pinakaepektibong estratehiya na ginamit ko ay contextualized collaborative learning na nakaugat sa kultura." (IDI-K4-P8)*
*"Mas pinapalawak ko ang learner-centered approach at inaangkop ang pacing at content sa tunay na kakayahan." (IDI-K5-P8)*
*"Gumamit ako ng contextualized at real-life activities kaya mas naging makabuluhan ang pagkatuto.." (FGD-K3-P9)*

Binigyang-diin din sa mga talakayan na ang group work at performance-based tasks na nakapaloob sa *MATATAG Curriculum* ay nagbigay-daan sa mas aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral …

*"Mas naging aktibo ang mga mag-aaral dahil sa group work at performance-based tasks na nakapaloob sa MATATAG Curriculum." (FGD-K4-P9)*

Habang nakikinig sa kanila, nahinuha ko na ang mga guro ay nagsilbing tulay sa pagitan ng *stress* at pagkatuto**,** na nagpanatiling buhay ang klase at humikayat sa aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*.

### Pangkapaligirang Pangangailangan na Humigit sa Indibidwal na Kakayahang Nag-ambag sa Kahirapan sa Implementasyon ng *MATATAG Curriculum*

*Kakulangan sa Pisikal na Kagamitan bilang Hadlang sa Implementasyon*

Sa aking pagsusuri, napagtanto ko na ang kakulangan sa pisikal na kagamitan at pasilidad ay naging konkretong hadlang sa epektibong implementasyon ng *MATATAG Curriculum* dahil nagpahirap ito sa daloy ng pagtuturo Ayon sa isa sa mga kalahok …

> *"Hindi lahat ng paaralan ay may sapat na materyales para ibigay sa mga guro." (IDI-K1-P9)*

Bunga nito, kinailangan ng ilang guro na gumawa ng sariling kagamitan sa pagtuturo upang maipagpatuloy ang pagtuturo sa kabila ng kakulangan sa resources, gaya ng ibinahagi ng isang kalahok:

> *"Kinakailangan kong gumawa ng sarili kong mga materyales dahil kulang ang resources ng paaralan." (IDI-K4-P9)*

Lumitaw rin sa mga salaysay ang kakulangan sa pisikal na pasilidad at kagamitang teknolohikal, tulad ng telebisyon at sapat na silid-aralan na direktang nakaapekto sa pagtuturo. Ayon sa kanya…

> *"Limited lamang yung resources namin… wala kaming telebisyon kaya nahihirapan akong mag-discuss lalo na sa tekstong biswal. Isa sa pinakamabigat na hamon ay kakulangan talaga ng classroom at wala kaming telebisyon." (IDI-K5-P10)*

Pinagtibay pa ito ng mga pahayag mula sa focus group discussion na sa mga unang araw ng implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay halos walang magamit na kagamitan sa pagtuturo. Gaya ng ipinahayag ng isang kalahok …

> *"Walang instructional materials sa simula kaya hindi namin alam kung paano sisimulan ang pagtuturo." (FGD-K3-P10)*

Bagama't may mga exemplar na ibinigay ng institusyon, inilarawan pa rin ng mga kalahok ang hirap ng aktwal na pagpapatupad ng mga gawain dahil sa kakulangan ng pisikal na kagamitan …

> *"Kahit maganda ang mga gawain sa exemplar, nahihirapan kaming ipatupad dahil kulang ang pisikal na kagamitan." (FGD-K4-P10)*

Pagkatapos magbahagi ng aking mga kalahok may mga sandaling sila'y tumitingin sa kisame at humihinto sa pagsasalita, na tila inaalala ang bigat ng kanilang karanasan. Ang kakulangan sa kagamitang panturo ay hindi lamang naging pader sa

implementasyon kundi isang bigat sa balikat na patuloy nilang pasan sa araw-araw na pagtuturo.

*Hindi Sapat na Direksyon at Sistematikong Paghahanda*

Napansin ko sa aking pagsusuri na ang kakulangan sa malinaw na direksyon at sistematikong paghahanda sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay nagdulot ng kalituhan at pag-aalinlangan sa mga guro. Ayon sa mga kalahok …

> *“Tatlong araw na seminar ay hindi sapat para maunawaan nang buo ang lalim ng MATATAG Curriculum.” (IDI-K2-P11)*
> *“Kahit may seminar, kulang pa rin ito upang maunawaan ang lalim at lawak ng MATATAG Curriculum.” (FGD-K2-P12)*


Higit pa rito, lumitaw sa mga karanasan ng mga guro na ang kawalan ng malinaw na direksyon kung ano ang uunahin at paano ito ituturo ay nagpilit sa kanila na mag-adjust at mag-eksperimento nang mag-isa. Isa sa mga kalahok ang nagbahagi ng karanasang ito …

> *“Kung minsan, nauubos ang oras sa kasaysayan bago ko pa matalakay ang mismong aralin. May suporta naman, pero hindi ito sapat sa lahat ng aspeto, lalo na sa materyales at aktwal na paggabay.” (ID-K3-P11)*

Mas malinaw pang naipahayag ang pangangailangang ito sa mga unang araw ng implementasyon, kung saan kinailangan ng mga guro na umasa sa sariling pagsisikap dahil sa kakulangan ng direksyon …

> “Sa unang bahagi ng implementasyon, kulang ang gabay kaya kinakailangan kong mag-adjust mag-isa.” *(IDI-K4-P12)*
> *“Sa unang linggo ng implementasyon, wala talagang malinaw na direksyon kung ano ang uunahin at paano ito ituturo.” (FGD-K3-P13)*

Pagkatapos magbahagi ng mga guro sa kanilang mga sagot, napagtanto ko na malaking bahagi ng pagiging epektibong guro ay ang tamang direksyon o gabay. Paminsan-minsan sila ay humihinto sa pagsasalita at inaalala ang mga gabay na ibinigay ng kanilang paaralan. Tila sila ay iniwan sa sitwasyong ito na naglalakbay nang walang malinaw na direksyon sa gitna ng bagong kurikulum.




***Talaguhitan 2: Modipikadong Paradigma ng Pananaliksik***

## DISCUSSION

### *Mga Pangkapaligirang Hadlang sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum*

Ipinakita sa natuklasan ng aking pag-aaral na ang implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay naharap sa seryosong pangkapaligirang hadlang, partikular ang kakulangan sa materyal at imprastrakturang panturo at ang limitadong institusyonal na gabay sa unang yugto ng pagpapatupad. Ang mga kakulangang ito ay nagdulot ng kalituhan, pangangapa, at pagtaas ng *stress* habang inaasahang maisakatuparan ang mga bagong hinihingi ng kurikulum.

Ang natuklasang ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Kim at Cho (2023), na nagpakitang ang kakulangan sa *instructional materials* at malinaw na gabay ay nagpapahirap sa mga guro sa pagpapatupad ng bagong kurikulum at nagpapataas ng

kanilang workload. Pinagtibay din ng pag-aaral ni Ramirez (2025) ang natuklasan ng aking pag-aaral na ang hindi sapat na institusyonal na paghahanda at pasilidad bago ang implementasyon ay nagiging pangunahing hadlang sa epektibong pagsasakatuparan ng kurikulum.

Gayunpaman, taliwas sa mga natuklasan ng pag-aaral na ito ang inilahad na pananaw nina Leithwood et. al. (2023)**,** na nagpakitang sa mga paaralang may malinaw na pamumuno at sapat na suportang institusyonal, ang implementasyon ng bagong kurikulum ay nagiging mas organisado at hindi nagdaragdag ng labis na pasanin sa mga guro. Ipinapakita nito na ang antas ng institusyonal na suporta at pamumuno ay mahalagang salik sa tagumpay ng implementasyon ng kurikulum.

***Indibidwal na Kakayahan ng mga Guro sa Implementasyon ng MATATAG Curriculum***

Natuklasan sa aking pag-aaral na ang implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay naging daan upang matukoy ng mga guro ang kanilang indibidwal na kakayahan, partikular ang kanilang pagiging bukas sa pagbabago, personal na dedikasyon, at malikhaing paggamit ng *learner-centered* na estratehiya sa pagtuturo. Sa kabila ng pangamba at kawalang-katiyakan, pinili ng mga guro na yakapin ang bagong kurikulum bilang pagkakataon para sa propesyonal na pag-unlad, na nagbunga ng mas aktibong partisipasyon at mas makabuluhang pagkatuto ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay sinusuportahan ng pag-aaral nina Darling-Hammond et al. (2023), na nagpakitang ang kakayahang umangkop at propesyonal na inisyatiba ng guro ay mahalagang salik sa matagumpay na pagpapatupad ng mga reporma sa kurikulum, lalo na sa mga kontekstong may limitadong resources. Gayundin, ipinakita sa pag-aaral nina Hargreaves at O’Connor (2023) na ang propesyonal na dedikasyon at kahandaang magbago ng mga guro ay nakatutulong upang mapanatili ang kalidad ng pagtuturo kahit sa gitna ng mga hamon sa implementasyon.

Gayunpaman, isang naiibang pananaw ang inilahad nina Sahlberg at Hasak (2024)**,** na nagbigay-diin na ang indibidwal na kakayahan ng mga guro ay may hangganan kung hindi sinusuportahan ng sapat at sistematikong tulong mula sa institusyon. Ayon sa kanilang pag-aaral, ang labis na pag-asa sa personal na pagsisikap ng guro ay maaaring magdulot ng labis na workload at pagkapagod sa pangmatagalan. Pinatutunayan ng talakayang ito na bagama’t mahalagang sandigan ang indibidwal na kakayahan ng mga guro sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum*, nagiging mas epektibo at napapanatili ang prosesong ito kapag kaagapay ang malinaw at sapat na suportang institusyonal.

### *Pangkapaligirang Pangangailangang Humigit sa Indibidwal na Kakayahan ng Guro na Nag-ambag ng Kahirapan sa Implementasyon*

Sa aking natuklasan sa aking pag-aaral, ang stress na naranasan ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay pangunahing nag-ugat sa kakulangan sa pisikal na kagamitan at sa hindi sapat na direksyon at sistematikong paghahanda sa unang yugto ng pagpapatupad. Ang kawalan ng mga batayang kagamitang sa pagtuturo, pasilidad, at malinaw na gabay ay nagdulot ng pangangapa, pagkaantala sa daloy ng pagtuturo, at pagtaas ng pasanin sa mga guro na napilitang umasa sa sariling diskarte upang maipagpatuloy ang kanilang tungkulin.

Sinusuportahan ng pag-aaral nina Mendoza at Javier (2023) ang natuklasan ng aking pananaliksik sa pamamagitan ng pagbibigay-diin na ang kakulangan sa pisikal na kagamitan at pasilidad sa panahon ng pagbabago ng kurikulum ay nagbubunsod ng kalituhan at mataas na antas ng *stress* sa mga guro, sapagkat napipilitan silang gumawa ng sariling materyales na nagpapataas ng workload at emosyonal na pagkapagod. Sinuportahan din sa natuklasan sa pag-aaral na ito ang binigyang diin nina Lopez at Hernando (2024) ang natuklasan sa aking pag-aaral**,** na ang kakulangan sa malinaw at napapanahong institusyonal na direksyon, lalo na sa implementasyon ay nagiging pangunahing sanhi ng pangangapa at pag-aalinlangan ng mga guro, kung saan ang limitadong oras ng pagsasanay at kawalan ng sistematikong paghahanda ay higit pang nagpapabigat sa kanilang karanasan.

Sumasalungat naman sa aking natuklasan ang pag-aaral nina Tyson at Richards (2025) na pinapakita na ang kakulangan sa kagamitan at paghahanda ay hindi nagiging pangunahing pinagmumulan ng stress kung may malinaw na pamumuno at organisadong suportang institusyonal sa antas ng paaralan. Hindi tulad ng kontekstong ito, kung saan napasan ng mga guro ang bigat ng pag-angkop, ipinakita ng kanilang pag-aaral na ang kolektibong pagpaplano at maagap na paggabay ay nakapipigil sa paglipat ng responsibilidad mula sa sistema patungo sa indibidwal na guro.

## Conclusions

Ang mga pangkapaligirang pangangailangan na kinaharap ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay hindi sapat na materyal at imprastrakturang panturo, at limitadong institusyonal na gabay sa implementasyon ng Kurikulum. Ang mga indibidwal na kakayahan ng mga guro sa Filipino sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay pagiging bukas sa pagbabago at personal na dedikasyon ng guro, at malikhain at interaktibong estratehiya sa pagtuturo. Ang mga itinuturing na pangkapaligirang pangangailangan na humigit sa indibidwal na kakayahan ng mga guro na nag-ambag sa kanilang kahirapan sa implementasyon ng *MATATAG Curriculum* ay ang kakulangan sa pisikal na kagamitan bilang hadlang sa implementasyon at hindi sapat na direksyon at sistematikong paghahanda.

## Recommendations

Inirekomenda ko na ang mga susunod na pananaliksik ay gumamit ng *multiple linear regression analysis* upang masuri ang prediktibong ugnayan ng pangkapaligirang pangangailangan at indibidwal na kakayahan bilang mga *independent variables*, at ng pangkapaligirang pangangailangan na humihigit sa indibidwal na kakayahan ng guro na nag-aambag sa kahirapan sa implementasyon bilang dependent o criterion variable; at *exploratory factor analysis (EFA)* upang gumawa ng mga kwantitatibong instrumento para makakuha ng mga indikeytor na maaaring gamitin sa mga susunod na pag-aaral.

## Compliance with Ethical Standards

Tiniyak ng pag-aaral ang pagsunod sa mga etikal na pamantayan upang mapanatili ang kaligtasan, integridad, at paggalang sa mga kalahok alinsunod sa Republic Act No. 10532 at sa mga institusyonal na patnubay ng *Holy Cross of Davao College's Society for Moral Integration and Legal Ethics (HCDC-SMILE)*. Kinuha ang kinakailangang pahintulot mula sa Kagawaran ng Edukasyon at sa mga punong guro bago isinagawa ang pangangalap ng datos. Isinagawa ang *informed consent* upang maprotektahan ang mga kalahok, na kinapalooban ng pirma ng pagsang-ayon bilang patunay na naunawaan nila ang saklaw ng pag-aaral *(Philippine Health Research Ethics Board, 2017).* Iginagalang ang boluntaryong partisipasyon at karapatang umatras ng mga kalahok, at mahigpit na pinanatili ang pagiging kompidensiyal ng mga impormasyon na ginamit lamang para sa layuning pang-akademiko.

## REFERENCES

Agormedah, E. K., Henaku, E. A., Ayite, D. M. K., & Ansah, E. A. (2022). Online learning in higher education during the COVID-19 pandemic: A case of Ghana. Journal of Educational Technology and Online Learning, 5(1), 183–210. https://doi.org/10.31681/jetol.1012721

Bongco, R. T. (2020). Teachers' experiences and challenges in curriculum reform implementation. Asia Pacific Journal of Education, Arts and Sciences, 7(2), 1–10.

Braun, V., & Clarke, V. (2006). Using thematic analysis in psychology. Qualitative Research in Psychology, 3(2), 77–101. https://doi.org/10.1191/1478088706qp063oa

Creswell, J. W. (2013). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (3rd ed.). SAGE Publications.

Creswell, J. W., & Poth, C. N. (2018). Qualitative inquiry and research design: Choosing among five approaches (4th ed.). SAGE Publications.

Darling-Hammond, L., Flook, L., Cook-Harvey, C., Barron, B., & Osher, D. (2023). Implications for educational practice of the science of learning and development. Applied Developmental Science, 27(1), 1–15. https://doi.org/10.1080/10888691.2022.2131915

Hargreaves, A., & O'Connor, M. T. (2023). Collaborative professionalism: When teaching together means learning for all. Corwin Press.

Hernández, R. M., & Izquierdo, J. (2023). Teachers' emotional experiences and professional adaptation in educational reforms. Teaching and Teacher Education, 119, Article 103855. https://doi.org/10.1016/j.tate.2022.103855

Kim, H., & Cho, Y. (2023). Teachers' challenges in curriculum reform implementation. Journal of Curriculum Studies, 55(4), 523–541. https://doi.org/10.1080/00220272.2023.2171234

Krueger, R. A., & Casey, M. A. (2015). Focus groups: A practical guide for applied research (5th ed.). SAGE Publications.

Kvale, S., & Brinkmann, S. (2015). Interviews: Learning the craft of qualitative research interviewing (3rd ed.). SAGE Publications.

Leithwood, K., Sun, J., & Pollock, K. (2023). How school leaders contribute to student success: The four paths framework (2nd ed.). Springer.

Lopez, R. M., & Hernando, J. P. (2024). Institutional guidance and teacher uncertainty during curriculum transitions. Journal of Educational Change, 25(2), 233–250.

Mendoza, A. L., & Javier, R. S. (2023). Physical resource constraints and teacher stress during curriculum reform. Philippine Journal of Educational Research, 12(1), 45–60.

Palinkas, L. A., Horwitz, S. M., Green, C. A., Wisdom, J. P., Duan, N., & Hoagwood, K. (2015). Purposeful sampling for qualitative data collection and analysis in mixed method implementation research. Administration and Policy in Mental Health and Mental Health Services Research, 42(5), 533–544. https://doi.org/10.1007/s10488-013-0528-y

Quijada, J. L., & Bayron, J. C. (2025). Teachers' adaptation and challenges in curriculum reform implementation. Philippine Journal of Education Studies, 4(1), 45–60.

Ramirez, J. P. (2025). Institutional challenges in competency-based curriculum implementation in Southeast Asia (Doctoral dissertation).

Sandelowski, M. (2000). Whatever happened to qualitative description? Research in Nursing & Health, 23(4), 334–340. https://doi.org/10.1002/1098-240X(200008)23:4<334::AID-NUR9>3.0.CO;2-G

Sahlberg, P., & Hasak, J. (2024). Teacher workload and system-level support in curriculum reform. Educational Policy Analysis Archives, 32(14), 1–22.

Tyson, L., & Richards, M. (2025). Institutional leadership and teacher stress during curriculum reform. Journal of Educational Administration.

**APA Citation:**

Abella, J. R. G. (2026). MGA PANGKAPALIGIRANG PANGANGAILANGAN NA HUMIHIGIT SA INDIBIDWAL NA KAKAYAHAN NG MGA GURO: MGA KAHIRAPAN SA IMPLEMENTASYON NG MATATAG CURRICULUM. Ignatian International Journal for Multidisciplinary Research, 4(6), 1664–1677. https://doi.org/10.5281/zenodo.20768267

*johnreyabella20@gmail.com*